

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-40 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 18 OKTUBRE 1999, IKA-9:00 SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo: Wala

KAPASYAHAN BLG. 099
Taong 1999

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY KGG. GOBERNADOR RODOLFO G. VALENCIA NG SILANGANG MINDORO SA PAMAMAGITAN NI PROVINCIAL VETERINARIAN HONESTO MALIWANAG NA MAGPATAYO NG ISANG LIVESTOCK BREEDING CENTER SA ROXAS, SILANGANG MINDORO.

- SAPAGKA'T ang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay isang pamayanang may malawak na lupang sakahan at mga lupaing pinagpapastulan/inaalagaan ng mga hayop na tulad ng baka, kalabaw, baboy at iba pa;
- SAPAGKA'T ang mga malalaking hayop lalo na ang kalabaw ay siya pa ring pangunahing katuwang ng mga magsasaka sa paglililang ng mga bukirin kung kaya't kinakailangang mapangalagaan nang maayos at gayundin sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya ay mapabuti/mapaganda ang lahi nito;
- SAPAGKA'T ang mga baka na katulong din sa mga gawaing-bukid, pinagkukunan ng gatas at inaalagaan upang maparami o ipagbili ay nararapat ding mapabuti ang lahi upang lalong maging kapaki-pakinabang sa mga nag-aalaga at sa pamayanan;
- SAPAGKA'T adhikain din ng mga mamamayan ng bayang ito na ang iba pang mga hayop na inaalagaan para sa sariling pangangailangan o upang makaragdag ng kinikita tulad nga ng baboy at kambing ay mapagbuti at maparami ang lahi at mga anak;
- SAPAGKA'T nakita ng mga namumuno ng bayang ito ang pangangailangang magkaroon ng isang livestock breeding center upang ang mga hayop na inaalagaan at katulong sa hanapbuhay ay mapaunlad ang lahi sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya;
- SAPAGKA'T may isang lugal sa Barangay Libtong na ipinagkakaloob upang mapagtayuan ng isang livestock breeding center, ang nasabing pook ay mararating ng mga sasakyan mula sa

mga karatig-barangay at gayundin ng mga kalapit bayan ng Mansalay, Bulalacao at Bongabong;

SAPAGKAT ang kahilingang magkaroon ng isang livestock breeding center sa bayang ito ay mapitagang itinutukoy sa Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia sa pamamagitan ni Provincial Veterinarian Honesto Maliwanag na kung mapagbibigyan ay isang napakalaking suporta sa programa ng ating bansa na pagpapasagana at seguridad sa pagkain at gayundin sa pagpapaunlad ng teknolohiyang pang-agrikultura sa dakong ito ng Silangang Mindoro.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Eduardo G. Villamin na sinang-ayunan ng lahat —

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia sa pamamagitan ni Provincial Veterinarian Honesto Maliwanag na magpatayo ng isang livestock breeding center sa Roxas, Silangang Mindoro para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng bayang ito at mga karatig-bayan.


IPINASIYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia sa pamamagitan ni Provincial Veterinarian Honesto Maliwanag ng Siyudad ng Calapan para sa kanilang kaalaman at naaayong pagpapasya sa kahilingang ito.

Pinagtibay: 18 Oktubre 1999

PINATITIBAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan